

 **Philippine Biblical Worldview Institute**
Certificate in Christian Ministries

Lifestyle Evangelism ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

LE203. Ang Evangelist bilang Witness

May dalawang uri ng katotohanan ang nalalaman ng isang witness. Ang una ay ang tinatawag na objective truth. Ang objective truth ay yaong katotohanan na hindi na nangangailangan ng patotoo ng tao. Ang laman ng salita ng Diyos ay objective truth dahil sa “Ito ay nakasulat.” Objective truths din ang mga pangyayari sa buhay ng nagpapatotoo na kapansin-pansin o nasasaksihan ng iba. Ang pahayag na si Jesus ay Anak ng Diyos ayon sa Bibliya ay objective truth. Ang subjective truth naman ay yaong nakabase sa karanasan ng tao. Ang deklarasyon na si Jesus ang nagbabago ng aking buhay, at nagbibigay sa akin ng kapayapaan ay subjective truth; na, si Cristo nga ang gumagalaw sa aking buhay ay hindi nakikita ng sino pa man. Ang patotoo na puro subjective truths lamang ay walang bisa.

Ang tatlong bahagi ng patotoo ay ang mga sumusunod: 1) Ang nakaraan ng nagpapatotoo bago niya nakilala si Cristo ng personal, 2) mga pangyayari na bumabalot sa first meaningful encounter niya with Christ at ang Bible verse o pangako ni Cristo na kanyang pinanghahawakan, 3) ang bagong outlook niya sa buhay o kung paano siya binabago ni Jesus.

Kinakailangan ang paghahanda sa pagpapatotoo sapagkat marami ang maaring mga problemang mangyari sa gawaing ito. Ang ilan dito ay:

1. Getting off course. Madaling mapunta kung saan-saan ang pagkukuwento ng isang taong mahilig bumangka sa usapan. O kaya naman ang isang nagpapatotoo ay magre-recite ng napakaraming Bible verses one after another, o magbibigay ng maraming halimbawa para lamang bigyang diin ang isang punto. Ang ganitong paraan ng pagpapatotoo ay nag-aanyaya ng questions or objections mula sa nakikinig. Walang tao ang may gusto na pagsermonan siya ng kanyang kausap. Kapag nag-umpisa nang magtanong ang taong pinagwiwitnessan, eh baka kung saan-saan na mapunta ang usapan hanggang sa makalimutan na ang tunay na pakay ng pagpapatotoo.
2. Getting into an argument. Every time na may sabihin tayong hindi maganda patungkol sa relihiyon ng nakikinig, nag-aanyaya tayo ng argumento. Iwasan ang pagbanggit ng kung anumang bagay tungkol sa relihiyon o politica. Kapag inilagay sa defensive ang kausap, tiyak na ipagtatanggol niya ang kanyang sariling paniniwala. Pinakamabuti na magpatuloy na lamang sa paglalatag ng gospel presentation o kaya naman ay magpaalam na lamang kung nagiging argumentative na ang usapan.
3. Getting caught up sa kuwento ng sariling buhay. Gugustuhin natin na ikuwento ang ating sariling experiences kung hindi natin didisiplinahin ang ating bibig. Dapat na pakatandaan ng isang witness na hindi kailanman maliligtas ang isang tao dahil sa pakikinig ng mga kamanghamanghang pangyayari na naganap sa kanyang buhay. Kinakailangan na marinig ang salita ni Cristo na siyang magbibigay ng pagkakataon sa nakikinig na maniwala sa sinasabi ni Jesus, at tuloy magkaroon ito ng pananampalataya at samakatuwid, kaligtasan.

I. Multiple choice

1. Ang dalawang uri ng katotohanan na nalalaman ng witness ay ang objective at subjective truth.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

2. Ang objective truth ay yaong katotohanan na nangangailangan ng patotoo ng tao.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

3. Ang subjective truth ay yaong nakabase sa karanasan ng tao.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

4. Ang laman ng salita ng Diyos ay subjective truth.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

5. Ang mga pangyayari sa buhay ng nagpapatotoo na nasaksihan ng iba ay objective truth.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

6. Ang deklarasyon na si Cristo ang gumagalaw sa aking buhay na hindi nakikita nino man ay subjective truth.
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe

7. Ano ang mangyayari kung ang patotoo ay puro subjective truths lamang?
 - a. Ito ay may bisa
 - b. Ito ay walang bisa
 - c. Wala sa nabanggit

8. Ano ang pattern ng tatlong bahagi ng isang patotoo?
 - a. Bagong outlook sa buhay – ang buhay bago nakilala si Cristo – first meaningful encounter with Christ
 - b. First meaningful encounter with Christ - ang buhay bago nakilala si Cristo - bagong outlook sa buhay
 - c. Ang buhay bago nakilala si Cristo - first meaningful encounter with Christ - bagong outlook sa buhay

9. Alin sa mga sumusunod ang mga problemang pwedeng mangyari sa tuwing may nagpapatotoo?
 - a. Getting off course
 - b. Getting into an argument
 - c. Getting caught up sa kwento ng sariling buhay
 - d. All of the above

10. Ano ang ibig-sabihin ng Getting off course?
 - a. Gugustuhin nating ikuwento ang ating sariling experiences kung hindi natin didisiplinahin ang ating bibig
 - b. Tayo ay nagsasabi ng hindi maganda patungkol sa relihiyon ng nakikinig
 - c. Madaling mapunta kung saan-saan ang pagkukwento ng isang taong mahilig bumangka sa usapan

11. Kung ang isang nagpapatotoo ay nagre-recite ng napakaraming Bible verses one after another, o magbibigay ng maraming halimbawa. Ang ganitong paraan ay nag-aanyaya ng?
 - a. Questions or objections mula sa nakikinig
 - b. Questions and willingness mula sa nakikinig
 - c. Questions and answers mula sa nakikinig

12. Ano ang dapat iwasan ng isang evangelist-witness sa tuwing nagpapatotoo siya?
 - a. Pamumuna sa kinagisnang relihiyon ng kausap.
 - b. Ilagay ang kausap sa sitwasyon na ipinagtatangol ang kanyang sariling paniniwala.
 - c. Both a&b

13. Ano ang dapat marinig ng isang tao mula sa isang nagpapatotoo?
 - a. Ang makulay na kuwento ng buhay ng nagpapatotoo.
 - b. Ang salita ni Cristo na siyang magbibigay ng pagkakataon sa nakikinig na maniwala sa sinabi ni Jesus.
 - c. Ang mga magagandang bagay na nangyari sa buhay ng nagpapatotoo.

14. Ang tao ay hindi kailanman maliligtas dahil lang sa pakikinig ng mga kamagha-manghang pangyayari na naganap sa buhay ng isang witness.
 - a. True
 - b. False

15. Sa pagwi-witness, kinakailangang hindi marinig ang salita ni Cristo na siyang magbibigay ng pagkakataon sa mga nakikinig na maniwala sa sinasabi ni Jesus.
 - a. True
 - b. False

II. Short Essay (250 words or more)

Gumawa ng 3-minute testimony gamit ang pattern na iyong natutuhan.

Note:

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*



© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.